ta·yo
stand, *build* — together

# Nais ng Diyos Ang Ating Mga Puso

**WEEK 3**

## WARM-UP

- Magkwento tungkol sa isang pagkakataong nadungisan o nasira mo ang isang bagay at hindi na ito maibabalik sa dati.
- Naranasan mo na bang maglipat ng bahay? Magkwento ng isang nakakatawa o hindi malilimutang karanasan noong naglilipat ka.
- Ano ang isang bagay na kinailangan mong pagbuhusan ng panahon bago ka nakakita ng mga resulta?

## WORD

*15"Mula ngayon, isipin ninyong mabuti ang mga nangyari
sa inyo bago ninyo umpisahan ang pagtatayo ng templo
ng Panginoon. 16Sapagkat noon, kapag pumunta kayo
sa mga bunton ng inyong mga trigo na umaasang
makakaipon ng mga 20 takal, ang nakukuha ninyo
ay sampu lang. At kapag pumunta kayo sa pisaan ng
inyong ubas na umaasang makakakuha ng 50 galon, ang
nakukuha ninyo ay 20 galon lang. 17Sinira ng Panginoon
ang inyong mga pananim sa pamamagitan ng mainit na
hangin, peste, at pagpapaulan ng yelo na parang mga
bato, pero hindi pa rin kayo nagbalik-loob sa kanya.*

**HAGEO 2:15–17**

(Basahin din ang **HAGEO 2:10–14, 18–19.**)

Nagbago ang paraan ng pamumuhay ng mga mamamayan ng Diyos, sumunod sila sa Kanya, at inuna nilang itayo ang Kanyang templo bago ang sarili nilang mga bahay. Sa kabila nito, mababasa natin sa mga salita ni Hageo na kahit sumusunod sila sa Diyos sa panlabas nilang pag-uugali, hindi nila ibinibigay nang buo ang kanilang mga puso sa Kanya. Dahil dito, kahit anim na buwan na nilang itinatayo ang bagong templo, hindi pa rin sapat ang kanilang pagtatrabaho. Tinawag muli ng Diyos ang kanilang atensyon upang maituon nila ang kanilang mga puso sa Kanya. Sa araw na ito, pag-aaralan natin kung anong uri ng pagsunod ang nais ng Diyos mula sa atin.

## 1 Hindi lamang sa panlabas na pagsunod tumitingin ang Diyos.

*[12]"'Halimbawa, may isang tao na may dalang sagradong karne sa kanyang damit, at nasagi ito sa tinapay, sabaw, inumin, langis, o anumang pagkain, maaapektuhan ba ang mga ito ng pagkasagrado ng karne?" Sumagot ang mga pari, "Hindi." [13]Kaya nagtanong pa si Hageo, "Kung halimbawa, ang mga pagkaing nabanggit ay nasagi ng taong itinuturing na marumi dahil nakahipo siya ng patay, magiging marumi rin ba ang mga pagkaing iyon?" Sumagot ang mga pari "Oo." [14]Sinabi ni Hageo, "Ganyan din noon ang mga mamamayan ng Israel, sabi ng PANGINOON. Noon anuman ang kanilang mga ginawa at mga inihandog ay marumi sa paningin ng PANGINOON."* **HAGEO 2:12–14**

Tinanong ni Hageo ang mga pari tungkol sa kautusan ng Diyos na ibinigay Niya sa pamamagitan ni Moises. Kinumpirma nila—ang mga banal na bagay ay hindi nagpapabanal sa maruruming bagay, ngunit ang mga maruruming bagay ay magpaparumi ng anumang madikitan nito. Ang mga handog ng mga maruruming tao ay marumi; samakatuwid, dahil sa panlabas lamang ang pagsunod ng mga mamamayan ng Diyos sa Kanya, maging ang pagsasaayos ng templo ay marumi. Minsan, may mga ginagawa tayo para sa Diyos dahil ito na ang nakasanayan nating gawin o kaya ay itinuturing natin ito bilang relihoyosong tungkulin, ngunit malayo ang puso natin sa Kanya. Subalit hindi tumitingin ang Diyos sa panlabas nating pagsunod. Balikan ang isang pagkakataong naging panlabas lamang ang pagsunod mo sa Diyos. Paano mo nalamang mali ang ginagawa mo?

## 2 Hangad ng Diyos ang pagbabalik-loob ng mga tao sa Kanya.

*"Sinira ng PANGINOON ang inyong mga pananim sa pamamagitan ng mainit na hangin, peste, at pagpapaulan ng yelo na parang mga bato, pero hindi pa rin kayo nagbalik-loob sa kanya."*

**HAGEO 2:17**

Kapag sinusunod natin Siya, tinitingnan ng Diyos hindi lamang ang mga ikinikilos natin kundi pati na rin ang mga puso natin. Tulad ng paraan ng pagdidisiplina ng mga magulang sa kanilang mga anak para hubugin sila, gayundin ang pagdidisiplina ng Diyos sa Kanyang mga mamamayan. Alam Niya ang kailangan natin, kahit pa masakit ito, upang matutunan natin ang Kanyang pamamaraan at malaman natin kung gaano Niya tayo kamahal. Ano ang ilang pagkakataon sa buhay mo kung kailan nakuha ng Diyos ang iyong atensyon dahil sa mga mahihirap na sitwasyong pinagdaraanan mo? Ano ang natutunan mo mula sa mga panahong ito?

## 3 Ipinapangako ng Diyos na pagpapalain Niya ang Kanyang mga mamamayan.

*[18]"Ika-24 na araw ngayon ng ikasiyam na buwan, at ngayong araw na ito natapos ang pundasyon ng templo. Tingnan ninyo kung ano ang mangyayari mula sa araw na ito. [19]Kahit wala nang natirang trigo, at wala nang bunga ang mga ubas at ang mga kahoy ng igos, pomegranata, at olibo, pagpapalain naman kayo ng PANGINOON simula sa araw na ito."* **HAGEO 2:18–19**

Hinayaan ng Diyos na maubos ang bungang pinaghirapan ng Kanyang mga mamamayan para hanapin at matagpuan nila Siya. Pagkatapos nito, sinabihan Niya silang pansinin kung paano Niya sila pagpapalain sa araw na matapos ang pundasyon ng templo. Nilinaw Niya na Siya ang nagpapalago sa bawat binhi na itinatanim nila. Hindi ang paghihirap natin ang magdadala ng kita; ang Diyos ang nagbibigay sa atin ng kakayahang magkaroon ng yaman (Deuteronomio 8:18), at kaya Niyang pagpalain ang anumang pagtrabahuhan natin. Ano ang ilang aral na makukuha mo mula sa Deuteronomio 8:18 tungkol sa pagtatrabaho at pagkakaroon ng kita?

## APPLICATION

- Ano ang ilan sa mga ginagawa mo na panlabas lamang na pagsunod sa Diyos? Humingi ng kapatawaran sa Diyos at hilingin na baguhin Niya ang puso mo.
- Tinatawag ng Diyos ang ating pansin dahil gusto Niyang lumapit tayo sa Kanya. Kung hindi mo pa nakikilala ang Diyos at hindi mo pa nakikita ang Kanyang dakilang pagmamahal sa iyo, gusto mo bang maipagpanalangin upang maranasan ito ngayon?
- Hilingin sa Diyos na akayin ka pabalik sa Kanya ngayon at sa bawat panahong maliligaw ka. Ipanalangin na mamuhay kang kapiling ang Kanyang Espiritu at marinig mo ang Kanyang tinig, nang may kaalaman tungkol sa mga bahagi ng buhay mo na nangangailangan ng Kanyang kapangyarihang nakapagdadala ng pagbabago.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil sa labis Niyang pangangalaga sa atin, kinukuha Niya ang ating atensyon upang maibalik tayo sa Kanya. Pasalamatan Siya sa pangakong pagpapalain Niya ang mga gagawin natin habang tayo'y sumusunod sa Kanya.
- Hingin sa Diyos ang biyaya upang magawa mong sumunod sa Kanya nang buong puso. Ipanalangin na hindi mo kailanman maipagsasawalang-bahala ang Diyos at ang mga pagpapala Niya.
- Angkinin ang mga pangako ng Diyos para sa iyong pamilya, komunidad, at bansa, at ang buong-pusong paglapit ng mga tao sa Kanya upang makilala Siya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ng Kasulatan ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng materyal: Ruth Gloria, Madel Vanguardia

victory.org.ph